

AGRARIAN

DEPARTMENT OF AGRARIAN REFORM • FILIPINO EDITION • PEBRERO 2023

Istorya sa pahina 2



PEBRERO 1

Mga military at police veterans sa Pangasinan humingi ng tulong sa DAR para maging kwalipikado bilang agrarian reform beneficiary

URDANETA CITY, Pangasinan — Humingi ng tulong sa Department of Agrarian Reform (DAR) ang mga military at police veterans ng Pangasinan sa pamamagitan ni Regional Director Maria Ana B. Francisco upang talakayin ang posibilidad na maging agrarian reform beneficiary (ARB) ng

comprehensive agrarian reform program (CARP) ng pamahalaan. Sinabi ni Francisco na ang section 40 ng inamyendahang Comprehensive Agrarian Reform Law, ay naglilista ng mga walang lupang beterano, retirado, mga sumuko, at iba pang katulad na benepisyaryo bilang mga dapat ituring na potensyal na

mapagkakalooban ng lupa sa ilalim ng CARP.

Ipinag-utos din ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr., sa kanyang State of the Nation Address (SONA) noong nakaraang taon, na ipamahagi ang 52,000 ektarya ng hindi nagamit na mga lupang pang-agrikultura na pag-aari ng

pamahalaan, sa ilalim ng Executive Order No. 75, series of 2019, sa mga kwalipikadong ARB.

Sa ilalim ng EO 75, inaatasan ang lahat ng sangay ng pamahalaan sa pagtukoy sa lahat ng mga nakatiwangwang na government-owned lands (GOL) na nakalaan o angkop para sa agrikultura para

Sundan sa pahina 2

Mga military at police veterans sa Pangasinan humingi ng tulong sa DAR para maging kwalipikado bilang agrarian reform beneficiary

ipamahagi sa mga kwalipikadong ARB.

“Inatasan kami ni Secretary Conrado Estrella III, na pabilisin ang pagkilala at pag-validate ng mga nakatiwangwang na lupaing pag-aari ng pamahalaan upang maipamahagi namin ang mga ito sa lalong madaling panahon,” ani Francisco.

Naglabas ang DAR ng memorandum noong Enero na nag-uutos sa lahat ng DAR regional at provincial officers na simulan ang pagproseso ng mga aplikasyon ng mga retiradong tauhan ng AFP, PNP, mga rebel-returnees, at mga nagtapos sa kursong agrikultura.

“Inilabas ang memorandum na ito dahil ang DAR ay nakatatanggap ng maraming kahilingan mula sa mga aplikante na humihingi ng tulong upang maging o matukoy bilang isang potensyal na ARB. Susunod tayo sa mga alituntunin na itinakda ng pamahalaan para malaman kung kwalipikado ang mga aplikanteng ito,” ani Francisco.

Nakita ng mga beterano ng gobyerno,

na pinamumunuan ni Deputy Chief of Police Major Rommel Sembrano ng Urdaneta Police Office, kasama ang AFP at PNP retirees, ang anunsyo sa Opisyal na Facebook account ng DAR kung saan inatasan ang mga beterano ng pamahalaan, rebel-returnees, at agriculture graduates, na bisitahin ang anumang malapit na tanggapan ng DAR upang malaman kung sila ay kwalipikadong maging ARB.

Ipinaalam ni Francisco sa mga aplikante na ang kanilang tanggapan panlalawigan ay tumatanggap ng mga aplikasyon para sa programa, ngunit sa kasalukuyan ay wala pang natukoy na mga lupaing pag-aari ng pamahalaan na angkop para sa agrikultura at maipamahagi sa Pangasinan.

Ang lahat ng interesadong aplikante ay hinikayat na bumisita sa Legal Division ng DAR bago mag-apply para sa programa upang maipaalam sa kanila ang mga patakaran ng DAR sa pagkuha at pamamahagi ng lupa.



PEBRERO 2

548 AGRARIAN REFORM BENEFICIARIES NG CARAGA TUMANGGAP NG TITULO NG LUPA

May kabuuang 548 agrarian reform beneficiaries (ARBs) sa rehiyon ng Caraga ang nakatanggap na ng kanilang mga titulo ng lupa pagkatapos maipagkaloob sa kanila ng mga opisyal mula sa Department of Agrarian Reform (DAR) ang mga certificates of landownership award (CLOA), at electronic titles, na sumasaklaw sa 634.2980 ektarya ng lupaing pang-agrikultural.

Ang mga titulo ng lupa, na matatagpuan sa mga lalawigan ng Surigao del Norte, na may 301.6279 ektarya; Agusan del Norte, 194.8009 ektarya; at Dinagat Island, na may 137.8692 ektarya ay ipinamahagi ng mga opisyal ng DAR noong Miyerkules, Pebrero 1, 2023, sa PhilRice Romualdez, Agusan del Norte.

Sinabi ni Emma Servande, isa sa mga tumanggap ng titulo ng lupa, na

malaking tulong ito sa pagpapa-unlad ng kanilang mga pamumuhay.

“Mas inspirado kami na gawing mas produktibo ang lupa, lalo na ngayon na alam namin na sarili na namin ang lupa. Naniniwala kami na patuloy kaming susuportahan ng DAR sa pagpapayaman sa mga lupaing ito,” aniya.

Ang mga elektronikong titulo na ipinagkaloob sa iba pang ARB, ay ibinigay sa ilalim ng Support to Parcelization of Land Titles (SPLIT) Project, na naglalayong hatiin ang mga lupang dati nang iginawad sa ilalim ng collective CLOAs at mag-isyu ng indibidwal na titulo ng lupa sa mga ARB.

Ang SPLIT Project ay magpapalakas sa mga karapatan sa pagmamay-ari ng mga ARB sa mga lupaing dating ipinagkaloob sa kanila sa ilalim ng collective ownership.

Sinabi ni Atty. Sinabi ni Kazel Celeste, DAR Undersecretary for Field Operations Office, na ang suporta sa mga magsasaka ay hindi natatapos sa pamamahagi ng lupa dahil inatasan ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr, ang departamento, sa pamamagitan ni Secretary Conrado Estrella III, na iangat ang buhay ng mga magsasaka sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng iba’t ibang suportang serbisyo upang matulungan silang mapabuti ang kanilang buhay.

“Bukod sa pagkaloob ng iba’t ibang mga imprastruktura, makinarya, kagamitan sa sakahan,

mga input at pagsasanay sa sakahan, ang departamento ay patuloy na nakikipag-ugnayan at nakikipag-usap sa mga mambabatas upang maghanap ng mga paraan kung paano mapabuti ang inyong buhay,” aniya.

Ibinunyag ni Celeste na kasalukuyan silang nagsusumikap para maging libre sa amortization ang mga lupaing ibinigay sa mga magsasaka.

Matapos ang pamamahagi ng mga titulo ng lupa, nagkaloob din ng DAR ang iba’t ibang makinarya at kagamitan sa agrarian reform beneficiary organization sa rehiyon.



MGA AHENSYA NG PAMAHALAAN AT LGU NAGSAMA-SAMA UPANG PAUNLARIN ANG PAMUMUHAY NG MGA MAGSASAKA SA SARANGANI AT GENSAN

Pitong (7) ahensya ng pamahalaan at siyam (9) na local government units (LGUs) ang bumuo ng convergence plan na pakikinabangan ng mga miyembrong agrarian reform beneficiary (ARB) na kabilang sa 113 agrarian reform beneficiaries' organizations (ARBOs) sa Sarangani at General Santos City. Sinabi ni Mariannie S. Lauban-Baunto, Department of Agrarian Reform (DAR) Soccsksargen Director, na ang ahensya ay nakipagsanib-puwersa sa Cooperative Development Authority (CDA), Philippine Coconut Authority (PCA), Department of Agriculture (DA), Department of Science at Technology (DOST), Department of Environment and Natural Resources (DENR), at Department of Trade and Industry (DTI) kung saan ang lahat ay sumang-ayon na magkakaloob ng mga pangunahing suportang serbisyo sa mga ARB sa lugar. Sinabi ni Baunto na ang kaganapang ito ay alinsunod sa direktiba ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr., kay DAR Secretary Conrado Estrella III, na mapabuti ang kabuhayan ng mga magsasaka sa buong bansa sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng iba't ibang suportang serbisyo tulad ng farm machineries, farm inputs, agricultural technologies and trainings, bukod sa iba pa.

“Nangako ang mga ahensyang ito na ibahagi ang kanilang mga resources upang makatulong na maiangat ang pamumuhay ng ating mga magsasaka at itaguyod ang pag-unlad sa kanayunan,” aniya.

Ang mga kinatawan na nagharap ng kanilang mga programa at proyekto na mapakikinabangan ng mga ARB sa lugar ay kinabibilangan ni Doreen Ancheta, CDA Regional Director; Elisa Gabi, PCA Regional Director; Jocelyn Misterio, DA Regional Director; Forester Nabil A. Hadji Yassin, DOST Acting Provincial Director; Karen Cariga, DENR Supervising Ecosystems Management Specialist; at Hazel Daze Flores, DTI Development Specialist.

Kinilala ng mga kinatawan mula sa 9 na LGU ang malaking kontribusyon ng DAR para sa pagsasakatuparan ng proyekto, habang kanilang ipinangako na kanilang susupportahan ang convergence plan at tiniyak sa mga ahensyang sangkot ang kanilang suporta sa paghahatid ng mga suportang serbisyo sa kani-kanilang mga nasasakupan.

Kabilang sa mga LGU ang pamahalaang panlalawigan ng Sarangani, General Santos City, municipal LGUs ng Sarangani, Alabel, Glan, Kiamba, Maasim, Malapatan, at Malungon.

SURIGAO DEL SUR ARBS TUMANGGAP NG PHP208.98-MILYONG PASILIDAD PANG-IMPRASTRATURA, MGA TITULO NG LUPA

Nakatanggap ang 125 agrarian reform beneficiaries (ARBs) sa Surigao del Sur, noong Huwebes, Pebrero 2, 2023, mula sa Department of Agrarian Reform (DAR), ng walong (8) farm to market roads at isang tulay, na may kabuuang halaga na Php 208.98-milyon, at mga titulo ng lupa na sumasaklaw sa 222.10 ektarya upang mapabuti ang kanilang buhay at maisulong ang sektor ng agrikultura sa lugar.

Ang mga kalsada ay matatagpuan sa mga bayan ng Barobo, na may halagang Php50-milyon; dalawang (2) kalsada sa San Miguel, Php30-milyon at Php27.6-milyon; Madrid Php27.2-milyon; Carmen, Php20.8-milyon; Cagwait, Php20.4-milyon at dalawang (2) kalsada sa Tago na parehong nagkakahalaga ng Php12-milyon.

Isang tulay, na ipinatupad sa ilalim ng Tulay ng Pangulo para sa Kaunlarang Pang-Agraryo (TPKP), na nagkakahalaga ng Php8.98-milyon, ay naipagkaloob din sa bayan ng Madrid.

Ang tulong sa mga magsasaka ay naaayon sa direktiba ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. kay DAR Secretary Conrado Estrella III, upang palakasin ang sektor ng agrikultura sa bansa.

Ayon kay Proidencia Tingabngab, ARB mula sa Tagbina, na ang napakalaking suporta sa kanilang komunidad at sa lalawigan ay magkakaroon ng malaking bahagi sa pagpapaunlad ng kanilang pamumuhay.

“Mayroon na kaming mabilis na madadaan at mas murang halaga sa transportasyon para dalhin ang aming mga produkto patungo sa

iba't ibang pamilihan at sentro ng kalakalan,” aniya.

Sinabi ni Atty. Milagros Isabel Cristobal, DAR Undersecretary for Support Services Office, na nanguna sa pamamahagi ng mga pasilidad pang-imprastruktura, na ang mgaito ay hindi lamang makatutulong sa pamumuhay ng mga ARB sa kanilang mga aktibidad kundi makapagpapalakas din ito sa sektor ng agrikultura ng lalawigan.

“Umaasa ako na sa mga suportang inyong tinanggap ay maaari ninyong mapanatili ang paggawa at paghahatid ng pagkain sa inyong kapwa at makapagbigay kayo ng kontribusyon sa lokal na ekonomiya,” aniya.

Ang mga titulo ng lupa na ipinamahagi sa mga ARB ay mula sa bayan ng Cagwait, Marihatag, San Miguel, Tago, Lianga Barobo, Hinatuan at Tagbina, at mula sa mga lungsod ng Tandag and Bislig. Inihayag naman ni Atty. Kazel Celeste, DAR Field Operations Office Undersecretary, na ang tulong ng DAR sa mga ARB ay hindi nagtatapos sa pamamahagi ng lupa dahil patuloy silang pagkalooban ng ahensya ng iba pang kinakailangang suportang serbisyo.

“Pagkatapos ninyong matanggap ang inyong lupain, sineseguro namin na maging mas produktibo ang mga ito upang matulungan kayong umunlad ang inyong mga pamumuhay.

Nagkaloob din sa araw na iyon ang DAR ng mga kagamitang pangsaka at mga farm input sa mga ARB na nagkakahalaga ng Php567,200.00.



MGA MAGSASAKA AT RESIDENTE NG SOUTHERN LEYTE MAKIKINABANG SA PHP8.5 MILYONG PROYEKTONG TULAY NG PANGULO

May kabuuang 29,149 na residente, kabilang na ang 4,759 agrarian reform beneficiaries (ARBs) sa Hinunangan agrarian reform community (ARC) mula sa Hinunangan, Southern Leyte ang magkakaroon na ng mas madaling daan upang maihatid ang kanilang mga produktong pang-agrikultural sa pinakamalapit na pamilihan, sa pagkaka-kumpleto ng Php8.5- halaga ng tulay sa ilalim ng proyektong “Tulay ng Pangulo Para sa Kaunlarang Pang-Agraryo (TPKP).

Ang proyektong TPKP ay pinangasiwaan ng Department of Agrarian Reform (DAR), sa pakikipag-ugnayan sa Department of Public Works and Highways (DPWH).

Sinabi ni Victorio Dagohoy, Pangulo ng Barangay Ilaya Kikoy Farmers Association (BIKFA), na ang bagong gawang tulay ay malaking tulong hindi lamang sa pagdadala ng kanilang mga produkto sa merkado kundi maging sa panahon ng emergency disaster evacuation cases.

“Maraming salamat. Asahan po ninyo na aalagaan namin ang tulay na ito para mas matagal namin itong mapakinabangan,” ani Dagohoy.

Pinangunahan ni Atty. Kazel C. Celeste,

DAR Undersecretary for Field Operations Office (FOO), at Rene Colocar, Assistant Secretary for Special Projects sa ilalim ng Foreign-Assisted and Special Projects Office (FASPO), ang inagurasyon at turnover ng nasabing tulay kay Atty. Marian Donayre-Pelin, Hinunangan Municipal Vice Mayor.

Sinabi ni Celeste na patuloy na magkakaloob si DAR Secretary Conrado Estrella III ng mas maraming suportang serbisyo sa mga magsasaka alinsunod sa direktiba ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr.

“Layunin ng Kalihim na maiugnay ang pinakamalalayong barangay o nayon sa bayan at mga sentro ng pamilihan, para maramdaman ng mga magsasaka na sila ay kabilang at may malaking papel sa pagpapaunlad ng bansa,” ani Celeste.

Sinabi ni Atty. Robert Anthony P. Yu, DAR Eastern Visayas regional director, na makikinabang ang labimpitong (17) barangay at isang (1) lungsod sa 22.80 linear meter two-lane bridge na kinabibilangan ng: Calag-itan, Calinao, Catublian, Ilaya, Ingan, Libas, Lumbog, Manlico, Matin-ao, Nava, New Hope, Palongpong, Patong, Pondol, Sto. Bata II, Tuburan, Upper Bantawon, at Sitio Tabjon.



16,888 ARB tumanggap ng mga indibidwal na e-title sa ilalim ng Project SPLIT

May kabuuang 16,888 agrarian reform beneficiaries (ARBs) sa buong bansa ang nakatanggap na ng kanilang individual electronic land titles (e-titles) sa buong bansa sa ilalim ng Department of Agrarian Reform (DAR) Support to Parcelization of Lands for Individual Titling o Project SPLIT.

Isiniwalat ni Engr. Joey Sumatra, DAR Assistant Secretary for Field Operations Office at kasalukuyang SPLIT national director, noong Lunes, Pebrero 6, 2023, na ang nasabing mga ARB ay nakatanggap ng kabuuang 18,802 e-title na sumasaklaw sa 23,898 ektarya ng mga lupang pang-agrikultura sa buong bansa.

Ang proyektong SPLIT na pinondohan ng World Bank ay naglalayon na mapabuti ang seguridad sa pag-aari ng lupa at patatagin ang mga karapatan sa ari-arian ng humigit-kumulang 1.14 milyong ARB sa buong bansa na sumasaklaw sa 1.37 milyong ektarya ng lupa, sa pamamagitan ng paghahati-hati sa mga naunang naipinamahagi na collective e certificate of land ownership award (CCLOAs), at gawin

itong mga indibidwal na titulo ng lupa para maipamahagi sa mga kwalipikadong ARB. Inihayag ng Sumatra na na-validate na nila ang 522,688 ektarya mula sa 591,572 ektarya na napondohan para sa parselisasyon, na kumakatawan sa 88 porsiyentong accomplishment, na sumasaklaw sa 50,249 ng mga dating ipinamahagi na CCLOA.

Gayunpaman, nilinaw ni Sumatra na ang mga bagong na-validate na lupaing pang-agrikultura ay sasailalim pa rin para sa re-documentation upang makumpleto ang mga kinakailangang dokumento para sa bawat ARB para sa pagsusumite sa mga Registry of Deed (ROD) para sa pagpaparehistro.

Inihayag din ni DAR Secretary Conrado Estrella III na ang mga dokumento ng 38,196 ektarya ng mga sakahan ay naisumite na sa iba't ibang RODs sa buong bansa at naayos na para sa pagproseso at pagbuo ng mga e-title, na inasahang ilalabas at ipapamahagi sa mga ARB sa loob ng taong ito.

“Ang pag-subdivide ng mga kolektibong CLOA para sa bawat indibidwal na ARB



16,888 ARB tumanggap ng mga indibidwal na e-title sa ilalim ng Project SPLIT

Mula sa pahina 4

ay sumasailalim sa isang napakahigpit na proseso at hindi namin kayang magkamali,” ani Estrella.

Sinabi rin ng hepe ng DAR na may 107,344 ektarya pang lupang sakahan ang ganap nang naidokumento at nakatakang isumite sa ROD para sa huling pagsusuri at pagtatasa.

Idinagdag niya na ang departamento ay kailangang dumaan sa proseso ng validation ng data na kinabibilangan ng mga kopya ng CCLOAs na may annotated ARBs, ang mga aprubadong survey plan at ang aktwal na master list ng ARBs. Kailangang matukoy ng DAR-SPLIT validation team kung sino sa mga nakalistang ARB ang pumanaw na, nag-

abandona nagbenta na ang kanilang mga karapatan sa pagmamay-ari, ang may hawak pa rin ng kani-kanilang bahagi ng mga lote ng sakahan at ang mga nag-i-squat lamang nang walang anumang patunay ng paglilipat. ng mga karapatan ng pagmamay-ari.

“Lahat ay talagang ginagawa sa ilalim ng masusing pagsusuri dahil hindi namin nais na gawing muli ang proseso. Nais naming matiyak na ang lahat ay sang-ayon sa itinakda ng batas,” diin ni Estrella. Sa kabila ng mahigpit na proseso ng paghati-hati sa mga kolektibong CLOA, dahan-dahan ngunit patuloy na naisasakatuparang ng DAR ang proyektong SPLIT.

PEBRERO 9

MGA ARB NG CARAGA TUMANGGAP NG LIBU-LIBONG EKTARYA NG MGA LUPA, MULTI-MILYONG AGRI-PROJECT

Isang libo dalawang daan at tatlumpu't anim (1,236) na mga agrarian reform beneficiaries (ARBs) sa rehiyon ng Caraga ang nakatanggap ng kabuuang 1,952 ektarya ng mga lupang pang-agrikultura, Php215-milyong

halaga ng mga proyektong pang-imprastruktura, at pinagsamang halaga na Php25.5-milyong makinarya pangsaka, isang pasilidad ng greenhouse at isang tissue culture. Ang mga ARB mula sa Agusan del Sur na sina Emma Servande at Junmar Castillo Surigao del Sur Prudencia Tingabngab, at miyembro ng Balilaycar Farmers Marketing Association na si Joel Ochavillo ay nagpahayag ng kanilang pag-asa na ang mga biyayang natatanggap nila mula sa gobyerno ay magdudulot ng kaunlaran sa kanilang mga komunidad.

“Salamat sa DAR dahil mayroon na kaming mga sakahan na talagang matatawag naming sa amin,” sabi ni Ochavillo.

Ang mga lupang ipinamahagi ay mula sa mga lalawigan ng Agusan del Sur, na may 1,096.0182 ektarya; Surigao del Norte, 301.6279 ektarya; Surigao del Sur, 222.1077 ektarya; Agusan del Norte, 194.8009 ektarya; at Dinagat Island, na may 137.8692 ektarya.

Ang farm-to-market roads ay ginawa sa mga bayan ng Surigao del Sur, na kinabibilangan ng Barobo, na nagkakahalaga ng Php50-million; dalawang (2) kalsada sa San Miguel, Php30-million at Php27.6-million ayon sa pagkakasunod; Madrid

Php27.2-milyon; Carmen, Php20.8-milyon; Cagwait, Php20.4-million at dalawang (2) kalsada sa Tago na parehong Php12-million. Inilipat din ng ahensya ang pamamahala ng Php6.02-million na kalsada sa Trento, Agusan del Sur.

Isang tulay, sa ilalim ng Tulay ng Pangulo para sa Kaunlarang Pang-Agraryo, na nagkakahalaga ng Php8.98-million, ang ipinagkaloob din sa bayan ng Madrid.

Nakatanggap din ang mga organisasyon ng agrarian reform beneficiaries (ARBOs) sa rehiyon ng iba't ibang suportang serbisyo, kabilang ang isang 4-wheel drive tractor para sa Agri-Puyo Irrigators Association na nagkakahalaga ng Php 1.87-million at Php1.72-million rice combine harvester para sa Tagbucayan Farmers Multi-Purpose Cooperative, kapwa sa Agusan del Norte; Php2.04-million corn combine harvester para sa Lumad sa Adgawan Multi-Purpose Farmers' Cooperative, isang 4-wheel drive tractor, nagkakahalaga ng Php2.4-million para sa Buenasuerte Multi-Purpose Cooperative; at Forklift na nagkakahalaga ng Php1.05-million para sa Southern Agusan Multi-Purpose Cooperative, lahat sa Agusan del Sur.

Isang hauling truck na nagkakahalaga ng Php1.2-million at rice combine harvester, nagkakahalaga ng Php1.72-million din ang ibinigay para sa San Pedro Agrarian Reform Beneficiaries Cooperative; isang 4-wheel drive tractor na nagkakahalaga ng Php1.87-million

para sa Matin-ao Agra Farmers Multi-Purpose Cooperative; Php3-million greenhouse para sa Villaflo Agrarian Reform Beneficiaries Association; at Php1.5-million tissue culture, sa Surigao del Norte. Sa Surigao del Sur, isang 4-wheel drive tractor na nagkakahalaga ng Php1.87-million ang ibinigay sa Libapa Irrigators Association; Php3.5-million hauling truck para sa Balilaycar Farmers Marketing Association; at Php1.72-milyong rice combine harvester para sa

Pandanon Coconut Farmers Marketing Cooperative.

Sinabi ni Kazel Celeste, DAR Undersecretary for Field Operation Office, na kailangang pangalagaan ng gobyerno ang kapakanan ng mga magsasaka, dahil bukod sa pagtulong sa kanila na mapabuti ang kanilang kalagayan sa pamumuhay, ang kanilang propesyon ay nagbibigay ng mga pangangailangan sa pagkain ng mga Pilipino, tatlong beses sa isang araw at pitong araw sa isang linggo.



SENADO INAPRUBAHAN SA IKALAWANG PAGBASA ANG PANUKALANG BATAS NA NAGSUSULONG SA PAGBURA SA MGA UTANG NG MGA ARB

Inaprubahan ng Senado sa ikalawang pagbasa ang panukalang magbubura sa hindi nababayaran utang ng mga agrarian reform beneficiaries (ARBs) ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) ng pamahalaan.

Si Senador Cynthia Villar ang nag-sponsor ng Senate Bill No. (SBN) 1850 o ang “New Agrarian Emancipation Act”, na naglalayong hindi na pabayaran ang lahat ng pautang kabilang ang mga, multa at interes, mula sa mga lupang pang-agrikultural na ipinagkaloob sa ilalim ng CARP.

Sinabi ni Villar, na namumuno sa Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform, na nasasaklawan ng panukala ang dalawang uri ng pautang ng ARBs. Kabilang dito ang mga pautang sa mga ARB na mayroong Agrarian Reform Receivables (ARR) Account sa Land Bank of the Philippines (LBP) at ang mga hindi pa nakapagbayad o hindi kumpletong pagbabayad ng kanilang amortisasyon sa prinsipal, interes, multa at surcharge ng kanilang mga lupain sa ilalim ng Presidential Decree 27, at mga kasunod na pagbabago sa Republic Act No. 6657. Sa ilalim ng iminungkahing batas, ang mga balanse ng hindi nabayaran obligasyon ng mga ARB sa mga may-ari ng lupa ay sasaluhan ng LBP. Ang Department of Agrarian Reform (DAR) ay maglalabas ng certificate of condonation na ilalagay sa emancipation patent (EP) o certificate of land ownership award (CLOA) ng ARB, na katumbas ng titulo ng lupa. “Ito ay kinasasangkutan ng 1,173,101.574 ektarya ng lupang

agrikultural na may 57,557 bilyong principal na pautang na mayroong 610,054 ARBs,” ani Villar.


Sinabi ni Villar na ang lahat ng mga kaso na may kaugnayan sa hindi pagbabayad ng mga pautang ng ARB sa DAR ay dapat i-dismiss at ang mga ARB ay hindi na pagbabayaran ng estate taxes.

Buo ang suporta ni Agrarian Reform Secretary Conrado Estrella III sa pagpasa ng nasabing batas na nagsabing ito ay sumusuporta sa pangako ng pangulo na palayain ang mga agrarian reform beneficiaries mula sa pasanin sa utang ng repormang agraryo.

Nabanggit ni Estrella na sa pag-apruba ng panukalang batas, ang mga susunod na ARB ay pagkakalooban ng mga lupain nang walang anumang karagdagang gastos o obligasyong pinansyal sa kanilang bahagi.

Sinabi ni Atty. Luis Meinrado C. Pañgulayan, Undersecretary for Policy, Planning and Research Office (PPRO) na bukod kay Villar, kasama sa mga co-authors ng panukalang batas sina Senador at Majority Leader Joel Villanueva, Francis G. Escudero at Imee R. Marcos. Sina Senador Maria Lourdes Nancy S. Binay, Christopher Lawrence T. Go, Ronald “Bato” Dela Rosa, Robinhood C. Padilla at Loren Legarda ay naghain na maging co-author ng nasabing panukalang batas.

Sinabi ni Pañgulayan na nakatakda sa susunod na linggo ang period for interpellation nina Senator Aquilino “Koko” Pimentel III at Senator Risa Hontiveros.



MGA OPISYAL NG DAR NAGSAGAWA NG 2022 ASSESSMENT AT MGA PLANO PARA SA ISANG MAHUSAY NA PAGGANAP SA 2023



ANGELES CITY-- Nagsagawa ang Department of Agrarian Reform (DAR) ng apat na araw na year-end summative assessment para sa taong 2022 at direction-setting conference para sa 2023.

Sinabi ni DAR Secretary Conrado Estrella III na layunin ng aktibidad na balikan ang mga nagawa noong 2022 at gumawa ng mga plano para sa mas epektibong pagsasagawa sa 2023.

Inilatag ni Estrella ang kanyang mga priyoridad upang matugunan ang katarungang panlipunan at mapabuti ang buhay ng mga mahihirap na magsasaka sa pamamagitan ng programa sa reporma sa lupa.

“Kami ay tumitingin sa mas matatag na mga programa sa pamamagitan ng pagpapalakas sa tatlong pangunahing layunin ng departamento – upang mapabilis ang pamamahagi ng lupa, tiyakin ang paghahatid ng agraryong hustisya, at bigyang kapangyarihan ang mga agrarian reform beneficiaries (ARBs),” ani Estrella.

Ang talakayan ay nakatuon sa mga isyu at hamon na lumitaw noong 2022 upang mailatag ang mga plano para sa paghaharap at pagresolba sa mga ito upang matiyak ang walang hadlang na pagpapatupad ng pagkuha at pamamahagi ng lupa ng DAR, pagbibigay ng mga suportang serbisyo at paghahatid ng hustisyang pang-agraryo.

“Bukod sa tatlong pangunahing layuning ito, itutulak ko ang mga opisyal at kawani ng DAR na makamit ng mga ARB ang pagiging self-sufficient, lumikha ng mga progresibong kooperatibang

pang-agraryo, at napapanatili ang matatag na mga agrarian reform communities,” dagdag ni Estrella.

Nanawagan si Estrella sa kanyang mga opisyal na gumawa ng mga hakbang kung paano mapabubuti ang pagpapatupad ng agrarian reform program sa bansa.

Sa talakayan, natukoy ng mga kalahok ang panloob at panlabas na mga balakid na maaaring tumulong o humadlang sa mga tagumpay ng mga target ng kagawaran.

Nakatuon din ang aktibidad sa pagtiyak na ang mga layunin ng administrasyon ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. ay kasama sa mga programa at serbisyo ng DAR.

Inatasan ni Estrella ang kanyang mga opisyal na ipatupad ang mga batas sa repormang agraryo upang tumulong sa pakikipaglaban para sa mga karapatan ng mga magsasaka at mapabilis ang mga kasong legal na agraryo.

Ang pag-audit ng CARP ay taunang aktibidad ng DAR upang matiyak ang transparency at pananagutan ng programa sa repormang agraryo.

Ang DAR ang nangungunang ahensya ng pamahalaan na humahawak at nagpapatupad ng komprehensibo at tunay na repormang agraryo na nagpapatupad ng pantay na pamamahagi ng lupa, pagmamay-ari, produktibidad sa agrikultura, at seguridad sa pagmamay-ari ng lupa para sa mga magsasaka upang mapabuti ang kanilang buhay.

Ang kumperensya ng pagtatasa at pagpapalano ay ginanap noong Pebrero 7-10, 2023 sa Angeles City.

Mga ARBs sa Negros Occidental tumanggap ng titulo ng lupa

Walumpu't-limang (85) agrarian reform beneficiaries mula sa lalawigan ng Negros Occidental ang naging bagong may-ari ng mga lupa pagakatapos nilang matanggap mula sa Department of Agrarian Reform (DAR) ang kanilang mga titulo ng lupa na sumasaklaw sa kabuuang 46.44 ektarya ng lupaing pang-agrikultural.

Nagpahayag ng pasasalamat si Barangay Agrarian Reform Committee Chairperson Ma. Luvisminda Llarves, na lumahok sa simpleng seremonya ng pamamahagi kasama ang ibang barangay opisyal, ng pasasalamat sa ahensya.

“Kami ay lubos na nagpapasalamat para sa mga lupaing ito dahil ito ay makatutulong sa pagpapabuti ng pamumuhay ng mga magsasaka,” aniya.

Sinabi ni Atty. Shiela Enciso, Western Visayas Regional Director, na ang aktibidad na ito ay sangayon sa direktiba ni Pangulong R. Marcos Jr. kay DAR Secretary Conrado Estrella III, na paunlarin

ang pamumuhay ng mga agrarian reform ARB.

Ani Enciso 33 ARBs mula Victorias City ang tumanggap ng 27.66 ektarya na dating pagmamamay-ari nina Silvino Eriberto Martin Jesena, et al., na matatagpuan sa Hacienda. Mantaunon, Barangay VIII, samantalang ang 18.78 ektarya na dating pagmamamay-ari ng Siacor Agricultural Corp., na matatagpuan sa Barangay Magticol sa bayan ng Toboso, ay ipinamahagi sa 52 ARBs.

Ipinalala ni Enciso sa mga ARB ang kanilang obligasyon sa pamahalaan bilang mga bagong nagmamamay-ari ng lupa na bayaran ang kanilang mga buwis sa lupa at gawing produktibo ang kanilang lupain.

“Patuloy kayong tutulungan ng DAR sa pagpapayaman ng mga lupang inyong tinanggap. Bibigyan namin kayo ng mga suportang inyong kinakailangan upang maging produktibo ang mga ito at makatulong sa pagpapalaki ng inyong kita,” aniya.



DAR, DPWH AT LGU MAGLALAGAY NG MGA PERMANENTENG MARKER PARA SA MGA PROYEKTONG FMR

Nakatakdang maglagay ang Department of Agrarian Reform (DAR), Department of Public Works and Highways (DPWH), at mga kinaauukulang local government units (LGUs) ng mga permanente at unipormadong marker para sa bawat farm-to-market road (FMR) na itatayo sa kanayunan sa ilalim ng proyekto ng DAR na Sustainable and Resilient Agrarian Reform Communities (SuRe ARCs).

